



PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

TANGGAPAN NG SANGGUNIAN NG BAYAN

BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIAN NG BAYAN, TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG IKA- 22 NG NOBYEMRE, 2004 SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY LALAWIGAN NG RIZAL

DUMALO:

Kgg. Fernando R. Cabitac, Jr.

- Tagapamatnugot/Pang.
Punong Bayan

Kgg. Joselito T. Calderon

- Konsehal

Kgg. Janet DL. Mercado

- "

Kgg. Sharon B. de Leon

- "

Kgg. Reggie Lynn G. Mascardo

- "

Kgg. Ceferino R. Resurreccion, Jr.

- "

Kgg. Trece S. Cayton

- "

Kgg. Antonio A. Alabata

- "

Kgg. Arturo R. Valle

- "

DI-DUMALO:

Kgg. Andres C. Cruz, Jr.

- Pangulo ng Liga ng
Mga Barangay

Kgg. Dianne Eliza G. Esguerra

- Pangulo Liga ng
Sanggunian Kabataan

MAY AKDA:

Konsehal Ceferino R. Resurreccion, Jr.

KAUTUSAN BILANG 15

KAUTUSAN NAGBIBIGAY AMNESTIYA SA PARUSA (PENALTY/SURCHARGES) SA LAHAT NG MAY MGA PAGKAKAUTANG NA MGA LEGAL NA NAMUMUSISYON SA BAGONG PAMILIHANG BAYAN NG TAYTAY, RIZAL HANGGANG IKA-29 NG DISYEMBRE, 2004

SAPAGKAT, sa mga nakalipas na halos sampung (10) taon ay umaabot na sa mahigit na sampung (10) milyon ang natalang pagkakautang ng mga tintera sa bagong Pamilihang Bayan, katulad ng renta sa puwesto, konsumo sa tubig at kuryente na hindi nababayaran kasama ang mga karagdagang parusa nito, (penalty/surcharges);

SAPAGKAT, sa mga nakalipas na mga taon ay may iba't-ibang mga kadahilanan kung kaya't di nababayaran ng mga tindera ang mga nasabing pagkakautang;

SAPAGKAT, sa kalaunan ay nahihirapan na din ang mga legal na namumisisyon na mabayaran ng biglaan ang mga nabanggit na pagkakautang:

DAHIL DITO,
NAPAGPASYAHAN, TULAD NG PAGKAKAATAS, ANG MGA SUMUSUNOD:

SEKSYON 1. MGA NASASAKOP NG KAUTUSANG ITO:

Ang lahat ng mga parusa (penalty/surcharges) sa lahat ng mga pagkakautang ang mga tindera sa bagong Pamilihang Bayan ng Taytay, Rizal ay pinatatawad na.

At ang dapat na lamang bayaran ay ang prinsipal na mga pagkakautang ng mga tindera sa renta sa puwesto maging ang naging konsumo sa tubig at kuryente.

SEKSYON 2. TAKDANG PANAHOON NG PAKIKIPAG-AYOS

Ang sino man may nais na makinabang sa kautusang ito, matapos na ito ay mapagtibay, ay mangyaring makipag-ugnayan sa Tresurero Municipal, upang mabayaran ang mga pagkakautang.



Kung hindi makayanan bayaran ng biglaan ang pagkakautang, ito ay maaaring bayaran ng hanggang isang (1) taon at ito ay pro-rated depende sa pinagsama-samang prinsipal o balanse.

Kung pinili ng may pagkakautang ay opsiyon ng hulugan, siya ay pipirma sa kasulatan ayon sa pagkakasundo.

Ang kasulatang ito ay dapat pirmado ng Tresurero Municipal at ng Punong Bayan at notaryado ng Abogado Municipal.

SEKSYON 3. PAGLABAG SA MGA KASUNDUAN

Sino man lumabag sa mga kasunduan, sa kabila ng mga kaluwagan ipinagkaloob sa kanila ng pamahalaan, ay nangangahulugan ng pagbawi ng pamahalaan sa karapatan ng mga legal na namumisisyon sa kanyang puwesto sa Pamilihang Bayan.




SEKSYON 4. PAGKAKABISA NG KAUTUSANG ITO

Ang kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos ito ay pinal na pagtibayin at maihayag sa lahat ng kinauukulan.


PINAGTIBAY, ngayon ika-22 ng Nobyembre, 2004, dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pamahalaan, Taytay, Rizal.

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan ng nilalaman ng kapasyahang ito na pinagtibay parin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na Pangkaraniwang Pulong nang ika 22 ng Nobyembre taong 2004 sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay.



NOLI G. DEL ROSARIO

Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

 12/14/04
KGG. FERNANDO R. CABITAC, JR.
Nanunuparang Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


KGG. GEORGE RICARDO R. GACULA II
Punong Bayan